

# Public Service Announcement

## Konseho 101: Paano gumagana ang lokal na pamahalaan ng Vaughan

**VAUGHAN, ON (Hulyo 8, 2026)** – Mga residente ng Vaughan: narito ang mga dapat ninyong malaman tungkol sa iyong lokal na pamahalaan at sa darating na halalang munisipal.

### Paano nakaistruktra ang Konseho

Ang Konseho ng Vaughan ay mayroong 10 inihalal na miyembro

- Isang Mayor
- Apat na Lokal at Rehiyonal na Konsehal
- Limang Konsehal ng Ward

Ang mga Katiwala ng Lupon ng Paaralan ay inihahalal nang hiwalay upang kumatawan sa mga lokal na interes sa edukasyon.

### Sino ang kumakatawan sa inyo

- **Mayor:** Nangunguna sa mga prayoridad at inisyatiba para sa buong lungsod
- **Lokal at Rehiyonal na mga Konsehal:** Kinakatawan ang Vaughan kapwa sa lungsod at sa York Region
- **Mga Konsehal ng Ward:** Kinakatawan ang inyong lokal na lugar at inihahain ang mga isyu ng komunidad sa Konseho

Limang ward ng Vaughan:

- Ward 1 – Maple/Kleinburg
- Ward 2 – Woodbridge West
- Ward 3 – Woodbridge/Vellore
- Ward 4 – Concord/Thornhill North
- Ward 5 – Thornhill

### Sino ang maaaring bumoto

Upang makaboto sa halalang munisipal sa **Lunes, Oktubre 26**, ikaw ay dapat na:

- isang mamamayan ng Canada
- hindi bababa sa 18 taong gulang
- isang residente ng Vaughan **O**
- isang may-ari ng ari-arian o nangungupahan sa Vaughan (o ang kanilang asawa)

### Paano inoorganisa ang pamahalaan ng Vaughan

# Public Service Announcement

Ang Vaughan ay bahagi ng **dalawang-antas na sistema**:

Ang **Lungsod ng Vaughan (mas mababang antas)** ang namamahala sa:

- Mga lokal na kalsada
- Bumbero at pagsagip
- Mga parke at libangan
- Pagpapatupad ng mga alituntunin
- Pangongolekta ng basura at lalagyan ng nabubulok na basura
- at higit pa

Ang **York Region (mas mataas na antas)** ang namamahala sa:

- Pagpapatupad ng batas at kapulisan
- Kalusugan ng Publiko
- Transportasyon
- Pangunahing mga kalsada
- at higit pa

Upang malaman ang higit pa tungkol sa proseso ng halalan, pagiging karapat-dapat ng botante, o mga nominasyon ng mga kandidato, bisitahin ang [vaughan.ca/elections](https://vaughan.ca/elections).

Para sa mga update at balita sa oras na mangyari ang mga ito, mag-subscribe sa [Vaughan News](#) at i-follow ang mga opisyal na corporate channel sa [X](#), [Facebook](#), [Instagram](#) at [LinkedIn](#).

-30-

**TUNGKOL SA VAUGHAN:** Ang Lungsod ng Vaughan ay isa sa mga pinakamabibilis na lumalagong lungsod sa Canada na may populasyong mahigit 344,412. Itinatag noong 1991, saklaw ng Vaughan ang mga komunidad ng Concord, Kleinburg, Maple, Thornhill, at Woodbridge. Ang munisipalidad na ito na may magkakaibang kultura ay matatagpuan sa gitna ng York Region at ng Greater Toronto Area.

**KONTAK NG MEDIA:** Lungsod ng Vaughan  
Communications, Marketing and Engagement Department  
905-832-2281 | [corpcomm@vaughan.ca](mailto:corpcomm@vaughan.ca)